DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RECEIVED
13 NOV 2026
CTRL No.: 2026-11-584

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

12 Nobyembre 2026

Memorandum Pansangay
Blg. 584, s. 2026

PAGDIRIWANG NG PAMBANSANG ARAW NG PAGBASA 2026

Sa: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Superbisor ng CID at SGOD
Mga Superbisor ng CID/SGOD at OIC-PSDS
Mga Kawani ng SDO Iriga
Mga Punong-guro ng mga Paaralang Elementarya at Sekundarya (Pribado at Pampubliko)
Mga Gurong Tagapagtaguyod ng Pagbasa

1. Alinsunod sa DepEd Memorandum No. 244, s. 2011, ipinagdiriwang ang Pambansang Buwan ng Pagbasa tuwing Nobyembre 1–30. Kaugnay nito, isasagawa ang pasinaya ng pagdiriwang sa Sangay ng Lungsod Iriga sa *Nobyembre 16, 2026*. Inaasahang makikiisa ang lahat ng pampublikong paaralan upang higit na mapalakas ang kultura ng pagbasa at maisulong ang literasi.

2. Hinihikayat ang mga paaralan na magsagawa ng mga makabuluhan, inklusibo, at angkop-sa-antas na gawain na magpapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa, at magpapalalim sa kanilang pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan at iba pang babasahin.

3. Maaaring pumili at mag-angkop ang mga paaralan ng mga sumusunod na mungkahing gawain batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral, kakayahan ng paaralan, at mga magagamit na kagamitan:

MUNGKAHING GAWAIN	PAANO GAGAWIN
Misteryosong Mambabasa *(Mystery Reader)*	Mag-anyaya ng mga pinuno ng paaralan, guro, lokal na opisyal, o kasapi ng komunidad upang maging panauhing tagapagbasa at sorpresahin ang mga mag-aaral sa isang sesyon ng pagbasa ng kuwento.
Magbasa Tayo: Magkatuwang sa Pagbasa *(Reading Buddies)*	Pagparesin ang nakatatanda at nakababatang mag-aaral upang magbasa ng kuwento at magtalakayan, na may angkop na paggabay.
Aklat Ko, Handog Ko	Magsagawa ng boluntaryong donasyon ng angkop na mga aklat upang mapayaman ang mga silid-aklatan, reading corner, at learning center.
Palitan ng Aklat *(Exchange Books)*	Magdaos ng boluntaryong palitan ng mga aklat sa pagitan ng mga mag-aaral at guro.
Akademya sa Pagbasa *(Reading Academy)*	Magsagawa ng sesyon para sa mga guro tungkol sa mabisang pagkukuwento, pagbasa nang malakas, at iba pang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa.
Kampo sa Pagbasa / Olimpiyada sa Pagbasa *(Reading Olympics)*	Magdaos ng mga gawaing pampanitikan gaya ng Readers' Theater, sabayang pagbasa ng kuwento, pagkukuwento, at pagsusulit na nakabatay sa mga tekstong binasa.
Sarili Kong Kuwento *(My Own Story)*	Hikayatin ang mga mag-aaral na sumulat ng orihinal na kuwento na nagpapahayag ng kanilang pag-asa, karanasan, at pagpapahalaga.
Sama-samang Pagbasa! *(Read In)*	Lumikha ang mga mag-aaral ng mga poster na nagpapahayag ng kahalagahan at mga pakinabang ng pagbabasa.

Mula Aklat Tungo sa Pelikula *(From Book to Film)*	Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng maikling bidyo o pagsasadula batay sa angkop na akdang Pampanitikang Pilipino.
Hamon sa Pagbasa *(Reading Challenge)*	Tulungan ang mga mag-aaral na magtakda ng makatotohanang layunin sa pagbasa at ipakita ang pag-unawa sa pamamagitan ng muling pagsasalaysay, repleksiyon, o iba pang angkop na gawain.
Akyat-Tula *(Climb the Poetree)*	Ipakita sa silid-aralan o paaralan ang mga orihinal na tula ng mga mag-aaral o piling linya ng tula na may wastong pagkilala sa may-akda.
Mga Huwarang Mambabasa (Leaders of Readers)	Itampok ang mga kawani ng paaralan bilang huwaran sa pagbasa sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanilang mga paboritong aklat at karanasan sa pagbabasa.
Lakbay-Basa: Tuklasin ang mga Lugar sa Pamamagitan ng Pagbasa (Read Trip-Oh!, the Ppaces You'll Go)	Magsagawa ng palitan ng pagbisita sa mga silid-aralan para sa sama-samang pagbasa ng mga nakatatanda at nakababatang mag-aaral.
Sabayang Pagbasa (Simultaneous Reading)	Sama-samang pagbabasa ng mga mag-aaral at guro sa itinakdang oras.
Pagbasa nang Malakas / Pagkukuwento (Read Aloud / Storytelling)	Pagkukuwento at pagbasa nang malakas ng mga guro, magulang, punongguro, o panauhin.
Iwan ang Lahat at Magbasa (Drop Everything and Read o DEAR)	Paglalaan ng tiyak na oras upang huminto muna sa iba pang gawain at magbasa ang lahat.
Magkapareha sa Pagbasa *(Buddy Reading)*	Pagtutulungan ng mga mag-aaral sa pagbasa, lalo na sa paggabay sa mga nangangailangan ng karagdagang suporta.
Parada ng mga Tauhan sa Kuwento (Book Character Parade)	Pagpapakilala o pagsasadula ng mga paboritong tauhan sa kuwento.
Pagbabahagi at Pagpapakilala ng Aklat (Book Talk and Book Sharing)	Pagbabahagi ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang nabasang aklat o kuwento at mga aral na natutuhan.

4. Bilang bahagi ng pagdiriwang, hinihikayat ang bawat paaralan na mag-post sa opisyal nitong Facebook account ng mga larawan at maikling salaysay tungkol sa mga isinagawang gawain. Tatanghalin at kikilalanin ang mga post na namumukod-tangi sa pagiging malikhain, makahulugan, at nakahihikayat, at nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagbasa at ambag nito sa pagpapataas ng antas ng literasiya sa Sangay.

5. Ang mga Punong-guro at Reading Coordinator ang mangangasiwa sa sabayang classroom-based culminating activity sa **Nobyembre 26, 2026**. Tiyaking inklusibo ang mga aktibidad, gamitin ang mga kagamitang at sangguniang kasalukuyang mayroon sa paaralan, at iugnay ang mga ito sa mga gawaing pampagtuturo nang **hindi naaantala ang regular na klase**. Hindi dapat obligahin ang sinumang mag-aaral na bumili ng mga kagamitan o materyales. Hinihikayat din ang pakikilahok ng mga magulang, stakeholders, at iba pang katuwang ng paaralan upang higit na mapalawak ang kultura ng pagbasa sa tahanan at pamayanan.

6. Bawat paaralan ay kailangang magsumite sa Tanggapan ng Sangay sa Pagsasakatuparan ng Kurikulum (CID), sa o bago ang Disyembre 1, 2026, ng isang tatlong (3)-pahinang dokumentasyon ng pagdiriwang. Dapat itong maglaman ng maikling salaysay ng mga isinagawang gawain, mga pangunahing kinalabasan, at malinaw na mga larawang nagpapatunay sa aktuwal na pakikilahok ng mga mag-aaral, guro, at katuwang ng paaralan.

7. Para sa inyong impormasyon, gabay, at pagtalima.

for:
MARIA MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan